Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hunyo 21, 1983

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 132, s. 1983

SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA PILIPINO

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang Kagawaran ng Pilipino, Dalubhasaang Normal ng Pilipinas, sa tulong ng Surian ng Wikang Pambansa, ay magdaraos ng Gawaing Kapulungan sa Pilipino sa Agosto 10-12, 1983 sa awditoryum ng PNC, sa layuning makatulong sa lalong mabisa at mabilis na implementasyon ng patakarang edukasyong bilinggwal at ng Bagong Kurikulum sa Paaralang Elementarya.

2. Ang paksa ng seminar-gawaing kapulungan ay "Mga Implikasyon ng Bagong Kurikulum sa Pagtuturo ng Pilipino." Ang mga layunin ay:

a. maipaunawa sa mga guro/instruktor/propesor ang iba't ibang istratehiya sa pagtuturo sa Pilipino at ng Pilipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya; at

b. makapaghanda ng mga kagamitang panturo at makapagsanay sa pagsasagawa ng iba't ibang istratehiya sa pagtuturo ng Pilipino.

3. Ang mga dapat dumalo sa seminar-gawaing kapulungang ito ay mga guro/instruktor/propesor ng Pilipino sa antas elementarya, sekundarya, at tersyarya, mga pampurok at pansangay na tagamasid/tagapag-ugnay sa Pilipino at mga puno ng Kagawaran ng Pilipino sa mga kolehiyo/unibersidad.

4. Manggagaling sa pondong lokal o pondo ng paaralan/kolehiyo/unibersidad ang gugugulin ng kinatawan sa pagdalo sa seminar-gawaing kapulungang ito, gayon din ang bayad sa seminar na ₱100, sa pasubaling may pondo at sasailalim ng kaukulang tuntunin sa pagtutuos at pag-awdit. Ang mga kinatawang magmumula sa mga paaralan/tanggapang pribado ay maaaring magkaroon ng kani-kanilang kasunduan hinggil sa pondo.

(LCD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Sanggunian: Wala
Pamamahagi: 1-2-3-4 (D.C. 1-76)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Course of Study, COLLEGIATE — EXPENSES
" " ", ELEMENTARY — SEMINAR
" " ", SECONDARY — TEACHERS